

1

Camiguin Island...

Isang babae ang nakatayo sa isang bahagi ng pier na matatagpuan sa bukana ng nabanggit na isla. Hindi pa rin makapaniwala si Selena na sa wakas ay nakabakasyon siya matapos ang halos isang taon ng walang-tigil na pagtatrabaho. Narito siya ngayon sa isang paraiso na matagal na niyang ninais na puntahan para mabigyan ng much needed break ang sarili.

Huminga siya nang malalim.

Very relaxing ang simoy ng hangin sa pear-shaped na islang ito na tinaguriang *Island Born of Fire*. Matatagpuan ang seven volcanoes sa islang ito na bahagi ng Mindanao.

Iniwang niya ang cellphone sa Maynila para hindi siya matuksong buksan iyon at makipag-usap kahit kaninong konektado sa trabaho. Hindi rin siya nagdala ng laptop. Utang niya ang panahong ito sa sarili and she intended to make the most out of it.

Sa loob ng isang linggo ay hindi siya si Selena Valerio, events planner / manager extraordinaire

Mali Man Ang Ibigin Ka - Carla Giopaolo

at self-appointed family ATM kundi isang grand bakasyonista.

Sinadya niyang hindi itaon sa bakasyon ng mga kaibigan para mag-isa lang siyang aalis ng Maynila. This was going to be her adventure as well.

Umaasa siya na matapos ang ilang araw sa napakagandang lugar na ito ay hindi na siya mukhang 'manang' katulad ng tawag sa 'before' model sa naunang version ng *Sresstabs* commercial. Baka sakaling mabalik na ang kulay ng mga pisngi niya, pumatag na ang lumalim niyang eyebags at tumigil na sa stress-related na pagkakalagas ng mahaba niyang buhok.

Hindi niya iisipin ang mga iniwang responsibilidad sa Maynila. Ang tangi niyang goal sa buhay ay magpakaligaya. Kaya nga nagbakasyon siya.

Sa ngayon, kailangan niya munang makarating sa tutuluyang resort. Inalala niya ang email response noong mag-reserve siya.

Guest Name: Selena B. Valerio (female)

Confirming your reservation for one (1) person.

6 days and 5 nights stay in deluxe cottage.

Mali Man Ang Ibigin Ka - Carla Giopaolo

Shuttle service to be provided from Pier to Hotel upon arrival and Hotel to Pier on Departure.

Please confirm time of arrival for staff to pick you up.

Nag-email siya ng estimated time of arrival sa isla at nag-confirm ulit ang mga ito na may susundo sa kanya ng ganoong oras. Sana lang ay mahanap na niya ito. Kanina pa kasi isa-isang umalis ang mga kasabay niya sa ferry.

Umupo siya sa kanyang bagahe at matiyagang naghintay.

Mahigit isang oras na yata ang nakaraan, muli niyang namataang bumalik ang isang sasakyang nakita niya kaninang pababa pa lamang siya ng ferry ay wala pa rin ang magaling na sundo. Nagsisimula nang ma-spoil ng pagkairita ang araw niya.

“Miss, saan ka?” narinig niyang tanong ng isang tinig. Nakadirekta iyon sa kanya.

Tumingala siya mula sa pagkakaupo sa bagahe at nakita ang mukha nito. Isang lalaki na nakasuot ng lumang white t-shirt at kupas na maong ang nakangiti

sa kanya.

Nasa hitsura nito ang taong nabilad nang matagal sa araw—mula sa buhok which looked like the color of sun-bleached brown hanggang sa maitim na balat. Maputi at pantay-pantay ang mga ngipin nito na nakalabas sa pagkakangiti. Malaki ang katawan nitong nakabakat sa t-shirt. Katawan iyon ng isang sanay magbuhat ng mabibigat na bagay.

Dala marahil ng pagdududa sa masyadong mga guwapong lalaki, lalo na iyong ganito kaganda ang katawan o marahil ng minsang pagkaunsiyami ng love life, tumayo si Selena mula sa pagkakaupo and eyed him distrustfully.

Subalit dahil hindi naman siya likas na suplada, sinagot niya pa rin ang tanong nito. “*Fontabella Island Resort*,” banggit niya sa pangalan ng hotel kung saan siya may reservation.

Kumunot ang noo nila. Aaminin ni Selena, ngayon lang siya nakakita ng taong mas gumuwapo pa yata kapag nakakunot ang noo.

“Hindi ka ba na-inform.”

Uh-oh. Masama ang tunog ng tanong na iyon.

“Na-inform ng ano?”

“May kaunting aberya dahil nagkaroon ng sunog kahapon sa *Fontabella*, baka hindi pa sila nakakaayos kaya hindi ka nasabihan.”

Diyos ko naman! himutok niya. *Paano na ito?*

Loser talaga siya. Ang natatangi niyang bakasyon sa *Camiguin, the Island Born of Fire*, mauunsiyami pa yata dahil sa apoy.

Saktong-sakto talaga ang description na ikinabit sa pangalan ng isla.

Wait, baka naman itong mamang guwapo na ito ang sundo niya talaga at binibiro lamang siya.

“Seryoso ka ba?” pagbabakasakali niya. Malay ba niya kung kaiba lang talaga ang sense of humor ng mga taga-Camiguin.

Tumungo ang maskuladong lalaki. Nasa mukha nito ang pakikiramay sa kanya. “Puwede mong itanong d’un sa mga drivers ng habal-habal.”

“Habal-habal?”

“Iyong mga motor na nagbibiyahe dito.” Itinuro nito ang paradahan ng mga motorsiklong walang side car.

Habal-habal pala ang tawag doon. Kanina pa nga

siya tinatanong ng mga drivers doon kung sasakay siya.

Great!

This is just great! Bumalik siya ng upo sa bagahe. Saka lamang niya naramdaman ang dalawang oras na nakakapagod ding biyahe niya by bus mula sa Cagayan de Oro at isang oras na ferry ride papunta sa isla.

“Baka tinatawagan nila ako. Kaya lang iniwan ko ang cellphone ko sa Maynila, eh,” buntong-hininga niya.

“Kung wala kang alam na ibang matutuluyan, may bakanteng cottage d’un sa amin. Puwede kang sumabay sa akin. Kung okay lang sa iyong sumakay sa ganito.” Iminuwestra nito ang isang lumang van na may pangalan ng resort sa gilid.

Nagdududa ang tinging iginanti niya rito.

Tila nabasa nito ang iniisip niya. Itinaas nito ang kamay. “Hindi ako manloloko. Itanong mo ulit sa mga habal-habal drivers. Kilala nila ako.”

Saglit na nag-isip ang dalaga. Sa palagay ni Selena, may tatlo siyang pagpipilian. Una, makisabay sa habal-habal na iyon at mag-ikot sa ibang posibleng

matitirhan na kung pagbabasehan ang size ng bagahe niya ay may kahirapang gawin. Pangalawa, isuko ang natatangi niyang bakasyon at bumalik na sa Maynila at tanggaping hindi para sa kanya ang magbakasyon. Pangatlo, sumama sa taong kaharap.

Nanalo ang pangatlong option nang sabihin niya sa sarili na, *Where's your sense of adventure?* May mas malaki pa bang adventure kaysa ipagkatiwala ang bakasyon niya sa isang napakaguwapong 'er'.

'ER' ang tawa ng mga kabarkada niya sa matitikas na lalaking may propesyong **driver**, **waiter**, **laborer**, o kaya naman ay **construction worker**.

Tiningnan niyang muli ang kausap, ano kayang klaseng *er* itong si...?

"I'm sorry, ano'ng pangalan mo?"

"Dexter."

Tamo nga naman. Pati pangalan 'er' din.

"I'm Jenny."

Hindi niya masyadong pinag-isipan ang pagbibigay ng maling pangalan. Kapag susuong daw sa adventure ang isang tao, kailangan mayroong alias.

Siya si Jenny the adventuress! Ngumiti pa siya sa naisip habang binubuhay ni Dexter pasakay sa lumang van nito ang kanyang mga gamit.

“Sana ay okay sa iyo rito.”

Inilapag ni Dexter sa sahig ng sala ng cottage ang malaki niyang bag habang siya ay tumitingin sa paligid.

Okay? This is perfect!

Tuwang-tuwa si Selena sa pinuntahang beach resort, ang *Paradise Islands*. Mas maganda pa nga iyon kaysa sa mga pictures ng *Fontabella* sa internet. Nang dalhin siya ng lalaki sa bakanteng cottage na binanggit nito kanina pa sa pier, hindi siya makapaniwala sa nakikita niya. Nasa beachfront pa ang tirahan niya ngayon!

“Sobrang okay. This is a very nice place. Salamat, Dexter,” sabi niya.

“Walang problema. Kung may kailangan ka, nand’un lang ako sa pangatlong cottage mula rito,” bilin nito.

“Salama ulit.” Kumuha siya ng two-hundred-peso bill sa bag at iniabot iyon dito bilang tip.

Tila nag-aalanganan pa ang lalaki na tanggapin iyon pero pinilit niya. After all, it was the least she could do sa pagtulong nito sa kanya.

“Please, kanina ko pa sinasayang ang oras mo,” pakiusap niya habang iniaabot ang pera.

May kumislap na ngiti sa mata nito nang tanggapin ang bigay niyang pera.

“Salamat,” anito na iwinagawayway pa ang hawak na paper bill sa kanya. “Tuloy na ako.”

Pagkaalis nito ay kaagad siyang napalit ng shorts at t-shirt. Itinirintas niya ang buhok at naglagay ng lip balm para i-protect ang mga labi sa windburn.

Nang tiningnan niya ang sarili sa salamin, hindi niya alam kung imahinasyon niya lamang o talagang mas gumanda na kaagad ang kulay ng balat niya.

Magaan ang kalooban na lumabas si Selena patungo sa isang bar and restaurant na bahagi ng resort. Itinuro iyon ni Dexter sa kanya kaninang napadaan sila roon. Umupo siya sa isa sa mga lamesa sa buhangin at nag-order ng pagkain.

Ngunit hindi pa siya natatagalan ay may tumapat na anino sa kanya. Tumingala siya mula sa binabasang brochure ukol sa resort patungo sa

nakangiting mukha ni Dexter.

Nakita niya ang hawak nitong isang malaking bote ng gin. Tatanungin sana niya ito kung hindi ba ito mapapagalitan ng amo dahil parang walang ginagawa kundi tumambay at makipagkuwentuhan nang biglang lumapit ang waiter na dala ang order niyang pagkain.

“Sir Dexter, kakain din po ba kayo?” magalang na tanong ng tagasilbi.

Wait a minute. Surely may mali sa narinig niyang iyon.

“Sir Dex?” Namula ang mga pisngi niya.

Ngumisi ito nang makita ang expression sa mukha niya.

“Sir?” ulit niya. “Sir Manager ka ba o Sir May-ari ng resort?” Nanliliit siya pagkaalala sa ginawa niyang pag-aabot dito ng dalawang daang piso bilang tip kanina.

“Hmm... I’m afraid I’m Sir May-ari ng resort,” anitong nagpipigil na mapahalakhak.

Oh no! aniya sa isip, lihim na napangiwi. “This is so embarrassing.” Isinubsob niya ang mukha sa dalawang palad. Dapat ay napansin niyang masyado

itong may finesse kung magsalita para sa isang 'er'.

Naramdaman niya ang pag-upo nito sa tapat niyang silya, pero hindi pa rin niya iniangat ang mukha.

“Don't worry. It was actually very sweet of you to give me that tip. Ibinili ko nga ng gin.”

Sinilip niya ito sa pagitan ng mga daliri at ang braso nito ang una niyang nakita. Nakasuot doon ang pinaglalawayang model ng *Technomarine* watch ng kaibigan niyang si Wally.

Damn but she was stupid!

Pinili niyang mag-strike sa pagiging defensive. “Ano kasi'ng ginagawa ng isang resort owner sa pier? Picking up lost tourists?”

Tumawa ito. “Short kami sa tao ngayon at saka wala naman akong magawa kaya ako ang nagdala ng water pump para ipadala sa Cagayan d'un sa sinakyan mong ferry. Nadaanan kita at naisip kong baka kailangan mo ng tulong. Parang makakatulog ka na kasi sa ibabaw ng mga bagahe mo.”

Sandali lang! Ganoon ba talaga kawalang poise ng hitsura ko? naisip niya. “Talaga?” tanong niya.

“Yup,” sagot nito.

Tumangu-tango siya. “Yun pera ko ba sabi mo ang ipinambili mo niyan?” Ininguso niya ang bote ng gin na nakapatong sa mesa.

“Yup. May sukli pa.”

“Tinumin ba natin ‘yan?”

Muling natawa si Dexter. “Well, balak ko sanang ipadala d’un sa inuman para sa birthday ng lifeguard namin, pero kung kailangang-kailangan mong uminom, puwede naman.” Tumawag ito ng waiter para dalhan sila ng baso at chaser, pagkuwan ay ibinalik ang pansin sa kanya. “Jenny?”

“Yes?”

“Palagay mo, puwede kayang magdagdag ka ng tip para may pambili tayo ng pulutan?”

Sumimangot ang dalaga. “Kakainis ka.”

Sobrang sakit ng ulo ni Selena nang magising siya nang sumunod na araw.

Nang maalala ang dahilan, isinumpa niya ang tatlong bote ng gin na pinagsaluhan nila ni Dexter. Unang beses niyang uminom ng ganoong alcoholic drink at ngayon din lang niya nadiskubre na kung

ganoon karami ang nainom ay maaaring magising na may hangover.

Ilang segundo niyang kinusot ang mga mata para linawin ang focus ng paningin. Nang maglinaw iyon, muntik na siyang mapasigaw nang makitang nakatayo si Dexter sa pintuan ng silid ng cottage niya.

“Oh, my God! Nandito ka? Why? Anong oras na? Ano’ng nangyari... I mean, may nangyari ba?” Sinilip niya ang sarili sa ilalim ng kumot. Suot pa rin niya ang kanyang damit nang nakaraang gabi kaya siguro wala namang nangyari. Unless, nagbihis ulit siya o binihisan matapos ang... “Oh no! Lasing na lasing ba ako kagabi?”

He smiled again in that totally disarming manner of his. “It’s ten in the morning,” sagot nito sa isa sa mga tanong niya.

Tiningnan ni Selena ang kausap. Suot pa rin nito ang damit nang nagdaang araw, magulo ang buhok at mukhang kanina pa nagising...

“Dito ka ba natulog?”

Tumango ito. A smile was tugging playfully at the corners of his lips.

“Bakit?”

“Ayaw mo akong paalisin.”

Kumunot ang noo niya. “Talaga?”

Isa pang tanong ang isinagot nito.

“Ano’ng s’abi ko?”

“Sinabi mong natatakot ka kasi madilim. Nag-brownout kagabi at natagalan bago nila nai-on iyong generator,” paliwanag nito.

“Iyon lang?” Parang may naalala pa siyang iba.

“Gusto mo ba talagang malaman?” kumpirma nito sa hinala niya na hindi nagtapos doon ang kuwento.

Si Selena naman ang tumango habang may pangamba sa dibdib na hinihintay kung ano ang sasabihin nito.

“Sabi mo...” tumikhim muna ito bago napatuloy, “ang laki-laki ng katawan ko kaya siguradong kaya kitang ipagtanggol sa kahit ano. Saka sabi mo rin na siguro masarap matulog sa dibdib ko dahil—”

“Okay.” Itinaas niya ang isang kamay para pigilan ito sa pagsasalita. “Stop. I got it. I was embarrassing. Someone should have shot me last night.”

“At para sa ikakapayapa ng utak mo, walang

nangyari kagabi. Kasi sobrang lasing ka nga.” May kapilyuhan ang ngiting naiwan sa labi ni Dexter pagkasabi niyon.

“At kung hindi ako lasing?” Ang masama pa sa kanya, di niya alam kung kailan dapat tumigil na sa katatanong.

“Siguro kung hindi mo na ininom iyong huling tagay ng gin baka hindi ka nakatulog habang nag-a-attempt na i-seduce ako,” salo nito.

Nanlalaki ang mga mata niya. “I-sed—What?”

Lumapit si Dexter sa kinaroroonan niya at umupo ito sa gilid ng kama. “Poor girl. You don’t even remember kissing me, don’t you?”

Parang sinilaban ang pisngi ng dalaga dahil nang sinabi nito iyon ay saka lang nag-flashback sa isip niya ang nangyari nang nakaraang gabi.

Traydor kasi ang tama ng gin. Hindi niya naramdaman kaagad ang pagkalasing hanggang nang tumayo siya at hindi na makalakad nang tuwid. Inakbayan siya ni Dexter at inihatid siya sa cottage. Nang alalayan siya nito pahiga sa kama, ipinulupot niya ang braso sa leeg nito.

Naalala niyang tinititigan niya ang mga labi nito

habang nag-iisip na kung dahil lasing ba siya ay may excuse na siyang halikan ito.

Napukaw ang attention niya mula sa alaalang iyon nang muling magsalita ang binata.

“Actually, you tried to kiss me pero hindi yata ako papasang Prince Charming kasi imbis na magising, nakakatulog ang humahalik sa akin. Oops, sorry... nakakatulog ang nagtatangka pa lang pala na humalik sa akin.”

Nakahinga siya nang maluwag dahil ang nangyari kasunod niyon ang bahagyang malabo na sa naalala niya. *Whew!* Imagine naman kasi kung may nangyari. First time niya kung nagkataon pagkatapos wala siyang maalala?

“That’s good. I mean—good na walang nangyari, hindi iyong nakatulugan kita. Nakakaloka kung meron kasi hindi pa tayo masyadong magkakilala and I don’t mean na kung magkakilala na tayo we could... you know what. And it’s not because I don’t find you attractive because I do. And I—”

Nasa mukha nito ang pagpipigil ng tumawa sa mga sinasabi niya.

“I... I really should stop talking now, right?”

“Yes,” sang-ayon nito.

Itinaas ng dalaga ang kamay para alisin ang buhok na tumatakip sa kanyang mukha at inipit iyon sa likod ng tainga. Napansin niyang tinititigan siya ni Dexter.

“What?” tanong niya.

He smiled. “Wala. You’re so funny.” Tumayo na ito palakad sa pinto. “Saan mo gustong mag-breakfast?”

“Breakfast? You’re also joining me for a breakfast?”

“Sure. I could use some more laughs.”

2

Ipinagsalin siya ni Dexter ng tubig sa isang basong punung-puno ng yelo at iniabot iyon sa kanya. “Here, kailangan mo lang mag-rehydrate para mabawasan ang pagkahilo mo.”

Itinaas niya ang suot na shades sa ulo, pero kaagad din iyong ibinalik sa mga mata. Parang tusok ng karayom ang sikat ng araw sa kanyang mga mata.

Selena groaned.

Narinig niya ang tawa nito.

Papagalitan sana niya ang lalaki kung bakit lagi siyang pinagtatawanan, pero malaking effort ang kailangan para magsalita kaya tahimik na ininom na lang niya ang tubig.

“I have an idea.” Bigla itong tumayo at hinatak ang kamay niya.

“What?”

“May ideya ako kung paano mawawala ang hangover mo.”

“Paano—”

Hindi na naman niya natapos ang sasabihin dahil hinila siya nito patakbo patungo sa isang naka-park na motorsiklo. Isinuot nito sa kanyang ulo ang helmet pagkatapos ay pinaangkas siya sa motor.

“Saan nga tayo pupunta?”

“You’ll see.”

“Uhm, Dexter...” Sasabihin sana niya na hindi niya sigurado kung magandang ideya na gumalaw masyado dahil nagbabantang lumabas lahat ng breakfast niya. Pero mabilis ang takbo nila, hindi man lang nagkaroon ng pagkakataong mahilo ay tumitigil na ito at muling nag-park.

Katibawasan Falls.

Mula sa sinage sa gate, alam na ni Selena kung anong klaseng lugar iyon, pero napamulagat pa rin siya sa view na bumulaga sa kanya.

Isang mataas na waterfall sa gitna ng berdeng-berdeng mga halaman na masaganang nakakapit sa gilid ng bundok. Bumabagsak ang tubig sa isang malinis na rock pool na napapalibutan ng ground orchids, wild ferris, mga puno at malalaking bato.

“Wow!” Iyon lang ang una niyang nasabi. “This is so unbelievably, wonderfully fantastic!”

“Halika,” aya ni Dexter bago siya hatakin pababa ng isang paikot na hagdanan para makalapit sa gilid ng pool kung saan may ilang katao lamang ang naglalaro sa tubig.

“Ang ganda-ganda!” Tinanggal niya ang shades. “Pero ano’ng maitutulong nito sa hangover—”

Hindi pa niya natatapos ang sinasabi ay niyakap siya nito at sabay silang bumagsak sa malamig na malamig na tubig.

Nasagot ang hindi niya natapos na tanong dahil pakiramdam ni Selena ay nag-evaporate lahat ng alcohol sa katawan niya dahil sa lamig. Derecho sa utak, tanggal pati sakit ng ulo niya.

“You!” Sumisinghap na kumapit siya sa balikat ni Dexter. “You’re crazy!”

Pinagtawanan lang siya nito, sabay langoy palayo sa kanya at palapit sa lumalagaslas na tubig ng waterfalls.

Lumangoy siya patungo sa kinaroroonan nito at nadiskubreng parang may bagyo pala ang pakiramdam kapag malapit sa talon.

“Paano kung hindi ako marunong lumangoy?” sigaw niya para marinig sa lakas ng tunog ng tubig.

“Sasagipin kita. Remember? Sabi mo nga, matipuno ang mga braso at malaki ang dibdib ko?” Inilabas pa nito ang braso para mag-demonstrate.

Napahalakhak siya. Tuwang-tuwa siya habang nagtatampisaw sa tubig. Hindi sila nakasuot ng damit-pampaligo. Board shorts at t-shirt lang ang suot ni Dexter samantalang ang dalaga ay tank top at shorts ang get-up. Kunsabagay, ang ilang taong naroon ay halos pareho lang din nila ng suot.

Nang mapagod sa paglalaro sa tubig ay umupo sila sa gilid ng pool, pero nakalawit ang mga binti sa tubig.

“Ang maganda rito sa Camiguin, we could spend one day na palipat-lipat sa tubig. May hot and cold springs, may ilog, waterfalls at siyempre, there’s the beach, kung ‘yun ang gusto mo,” paliwanag nito.

“We? Ipapasyal mo ba ako?” umaasang tanong niya.

Kunwaring nag-isip si Dexter. “Why not?” Tumayo ito at inabot ang kamay niya. “If you promise to be good and not try to seduce me again.”

“Kapal mo!”

Tumatawa pa rin ito hanggang makabalik sila sa

motorsiklo. Pareho pa rin silang basa nang muling sumakay roon kaya dahil sa sobrang ginaw, hindi napansin ni Selena na napahigpit ang hawak niya sa baywang ng lalaki sa unang tama ng malakas na hangin sa kanilang dalawa.

“Jenny,” sabi nito.

“Yes?”

“Hindi naman sa ayaw ko na niyayakap mo ako, kaya lang hindi na yata ako makahinga.”

“Oh, sorry.” Niluwangan niya ang yakap sa binata at natatawang isinubsob ang mukha sa likod nito.

Sunod na pinagdalan ni Dexter sa kanya ay sa isang water spring. Para itong man-made pool sa sukat at linaw ng tubig, pero malalaking bato ang nag-e-enclose dito sa halip na tiles.

Nang bumaba sila sa tubig, nakita niyang naglalangoy noon ang napakaraming maliliit na isda. Kitang-kita ang mga iyon dahil sa linaw ng tubig. Inaliw niya ang sarili sa panghuhuli ng mga iyon sa kanyang mga kamay.

“Look! Ang dami kong nahuli,” pagmamayabang niya. Pagtingin niya sa kasama, nakita niyang nakangiti ito habang nagmamasid sa kanya.

Mali Man Ang Ibigin Ka - Carla Giopaolo

Pinakawalan niya ang mga isda at hinarap ito.
“Ano naman ang nakakatawa? Kanina ka pa, ha!”

“Bagay ka rito,” saad nito.

Tumingin siya sa paligid. “Where? Dito sa bukal?”

“Dito sa Camiguin.”

“Either dahil mukha akong native o mukha akong isda.”

“Water nymph.”

She felt flippant. “Yey! Sabi ko na nga ba, eh. Nagagandahan ka sa akin.”

Sinabuyan siya nito ng tubig bago siya talikuran. Narinig niya ang muling pagtawa nito.

Tumigil muna sila sa kaiikot upang kumain ng late lunch sa isang restaurant sa gitna ng malawak na palaisdaan.

Basa pa rin ang mga damit nila mula sa huling ilog na pinaglanguyan. Napapalampak si Selena nang ihain sa kanilang mesa ang pagkain. Para kasing fiesta kahit dalawa lang silang kakain.

Natatawang pinanood lang ni Dexter ang

kasiyahan niya. “I take it, wala kang konsepto ng pagda-diet.”

Pumipirasong siya ng steamed lapu-lapu gamit ang kamay. “Gutom na gutom na kaya ako sa dami ng nilangoy natin.” Isinawsaw niya ang isda sa toyong may calamansi at sili bago isubo iyon. “Hey! This is really good. Subukan mo.”

Inulit ni Selena ang pagkuha ng fish meat at pagsawsaw sa toyo. Isinubo niya iyon sa kasama. Hindi niya napansin ang sili na kumapit sa pagkain.

Namumulang inabot nito ang tubig pagkakalunok ng isinubo niya rito.

“Nakain mo ‘yung sili? Sorry, sorry.” Ipinagsalin niya ito ng *Coke*. “Here, better ito pang-alis ng anghang.”

Ininom ni Dexter ang soft drink matapos ay ngumisi sa kanya. “I should have known.”

Napamaang siya rito. “Na?”

“Mula nang makilala kita, hindi ‘yung mga expected kong pangyayari ang nangyayari. Imagine, pati pagsubo ng isda dapat ko palang pag-ingatan pag kasama ka.”

“You haven’t seen the best of me yet,” sabi niya.

“My friends call me ‘Her Royal Klutzness’.”

Itinaas nito ang baso ng soft drink. “Then, here’s to more adventures, Your Majesty.” Pabirong yumukod pa. Nagtawanan sila.

Magana nilang pinagsaluhan ang pagkain habang nagkukuwentuhan. Natahimik silang pareho nang matapos na silang kumain. Mga tinik at balat ng isda na lamang ang natira sa lamesa.

Tumayo si Selena para tanawin ang paligid.

Napakapayapa. Malayung-malayo sa kinasanayan niyang pace ng buhay na laging nagmamadali, laging naghahabol, paulit-ulit na tensyon at pressure.

Hindi niya namalayan na ilang beses na pala siyang napapabubuntong-hininga.

“Hey! Ang lalim n’un, ah. Want to share it?” untag ni Dexter na tumabi sa kinatatayuan niya.

“Wala lang,” paliwanang niya. “Sana ganito lang parati ang buhay.”

“Like?”

“Payapa. You could do whatever you want. You could live a worry-free fantasy life.”

“Puwede bang malaman kung ano pa’ng meron

sa fantasy life mo?” udyok nito.

Tinitigan ni Selena ang lalaki. Paano kaya niya ipapaliwanag ang dami ng responsibilidad na nakaatang sa balikat niya? Kayod kalabaw siya dahil nagsusustento siya ng kanyang pamilya at nagpapaaral ng dalawang kapatid. In her fantasy life, she was carefree, could sleep regular hours, read her favorite books and never had to worry about the rental fee of her parents’ house.

She smiled flippantly. “In my fantasy life, I can be here and dream my own dreams.” Pangarap niya, hindi pangarap ng ibang tao na kailangan niyang pagtrabahuhan para matupad.

“Ano’ng dream mo?”

“Ang kulit mo. Nakakatawa lang ang dreams ko. Sobrang babaw,” aniyang natatawa.

“Try me.”

“I want to see the world. ‘Tapos, gusto kong sulatin at kuhaan ng pictures ang lahat ng makikita ko. I want to have my own house by the beach and spend my time staring at sunsets.”

Tahimik na nakikinig sa kanya si Dexter.

“Of course, I’m just being silly.”

Tinitigan siya nito, fighting the impulse to touch her hair. “No, you’re not.”

“Of course I am. Okay naman ang life ko. At saka ilusyon ko lang iyon. Diyos ko, ang dami-daming umaasa sa akin. A one-week vacation is probably all I can afford to have. Halika na nga, next destination na.” Hinila niya ang braso nito.

“Wait. Kailangan muna nating magbayad.”

Nang pagabi na ay dinala naman siya ni Dexter sa *Ardent Hot Spring*. Isa iyon sa tourist attraction sa Camiguin.

“This is the perfect and most relaxing way to end the day,” anito patungkol sa lugar.

Inilubog nila ang mga katawan sa mainit na tubig at umupo sa hagdanan na naka-submerge sa pool. Ipinikit ni Selena ang mga mata. Nararamdaman niya ang banayad na paghinga ni Dexter sa kanyang tabi.

Pinagmasdan niya ito. Nakapikit ang mga mata nito. Hindi niya alam kung bakit napakalaki ng tiwala niya sa lalaki gayong kahapon lamang sila nagkakilala.

Walang pag-aalangang humilig siya rito at

umakbay ito sa balikat niya. She stretched her legs in contentment.

Tama si Dexter. Ito na nga ang pinakaperpektong paraan para tapusin ang araw na iyon.

Ilang sandali pa'y bumalik na sila sa resort na pag-aari ng binata. Inihatid na siya nito sa cottage.

“Good night,” sabay na sabi nila pero walang tumitinag sa kinatatayuan. Pareho silang nasa paanan ng hagdanan ng kanyang tinutuluyan.

Siya na ang nagkusang lumapit dito.

“Thank you, Dex.” Hinalikan niya ito sa pisngi bilang pagpapasalamat.

“You’re welcome, Jenny. I had a great time, too.”

Natigilan ang dalaga sa banyagang pangalang ginamit nito. Pinag-iisipan niya tuloy kung sasabihin na niya na hindi talaga ‘Jenny’ ang pangalan niya.

Pero mapamahiin din siya.

Jenny had given her so much luck so far. Baka pag sinabi niya ang tunay niyang pangalan, magising siya sa isang napakagandang panaginip na ito.

Si Dexter naman ay nakatayo rin sa harapan niya nang ilan pang segundo na parang may sasabihin.

Ngunit mukhang nagbago ang isip nito. Tumalikod na ito with a hastly, "I'll see you tomorrow."

Siya ay umakyat na ng hagdanan.

Pagpasok sa cottage ay sumandal siya sa saradong pinto. Huli siyang nakaramdam ng ganito noong sixteen years old siya. Noong nai-in love pa lamang siya kay Errol, ang first boyfriend niya na ngayon ay happily married na sa isang teacher.

Nakakaloka ang pakiramdam na iyon.

Nakangiti pa rin sa sarili si Dexter nang pumasok sa sariling cottage.

Naalala niya lang kasi si Jenny nang bigyan siya nito ng tip nang nakaraang araw, pagkatapos ay ang pagpa-panic nito nang magisnan siya kaninang umaga sa cottage nito.

Naalala rin niya ang ginawa nitong paghalik sa kanyang pisngi bilang pagpapasalamat. He found it really cute. And sweet.

At habang nakikipag-usap dito sa buong maghaponing ginugol niya kasama ito, may nadiskubre siyang sensitivity to her that touched a chord in his heart.

Inabutan niya ang tumutunog na telepono pagbukas niya ng kuwarto. Inangat niya ang receiver at tinanggap ang tawag.

Malambing na boses ang sumagot sa kanya. “Hey, sweetie. How was your day?”

Long-distance call pala iyon. Ang nasa kabilang linya ay ang babaeng pakakasalan niya tatlong buwan mula ngayon, si Jessica.

“Good. How about you?”

“I’m okay here. By the way, have you checked on the *Sto. Rosario Church* yet?”

Siya ang nag-suggest na pakasal sila sa simbahang iyon na matatagpuan sa bayan ng Sagay sa Camiguin at na-excite naman ang fiancée sa ideya. Dapat nga ay pumunta siya roon kanina. Pero na sidetrack siya.

“Uhm... I’ll do it tomorrow. May dumating kasi na isang guest dito sa resort. Mag-isa lang so I took her around.”

“Oh. All right. Ang tagal mo namang bumalik dito. I miss you, babe,” sabi nito.

“Five days na lang,” sagot niya.

“Okay. I think I can wait five days. I love you.”

“I love you too.”

Ibinaba niya ang phone matapos magpaalam ang kasintahan.

Siguradung-sigurado si Dexter si Jessica Rosales ang babaeng pakakasalan niya. Mula pa noong una niya itong makita nang magwagi ito sa beauty pageant ng kolehiyong pinasukan nilang dalawa and he was dazzled by her beauty.

Buong apat na taon ng kolehiyo ay hindi na sila mapaghiwalay. Pero pareho silang naka-set ang utak sa kani-kanilang trabaho. Si Jessica sa isang advertising agency at siya sa pagpapalago ng resort business na ipinagkatiwala sa kanya ng pamilya.

Nagdesisyon lamang silang magpatali dalawang linggo ang nakakaraan nang ialok sa kanyang nobya ang pinakamimithi nitong posisyon bilang vice president ng pinakamalaking advertising agency sa bansa.

Tinanggap nito ang offer at sa celebration ng promotion nito, nagdesisyon na silang panahon na sigurong magpakasal sila. After all, pareho na silang matagumpay.

Masayang-masaya sila sa kasunduang iyon. Pagkaraan ng mahaba-habang paghihintay ay bubuo

na sila ng pamilya.

Yes, Dexter had always known he would marry Jessica someday.

Except that now, nakangiti siya sa sarili habang nasa isip ang ibang babae. At ni hindi niya alam na iyon ang kanyang ginagawa sa halip na ang kasintahan ang laman ng utak.

3

Madaling araw pa lang nang magising si Selena. May masayang pakiramdam na gumising sa kanya mula sa isang panaginip na ni hindi na niya maalala. Pangatlong araw na niya iyon sa Camiguin. Bumangon siya para salubungin ang pagsikat ng araw.

Sinabi niya sa sarili ay excited lamang siya sa bakasyon.

Subalit nang lumabas siya ng cottage ay kaagad na hinanap ng mga mata niya ang isang matangkad na mama na ang buhok ay sinunog ng araw para maging rich shade ng brown.

Nang hindi niya ito nakita ay nagkasya na lamang siya sa pagbabasa sa isang hammock sa ilalim ng puno.

Sinubukan niyang huwag sirain ng disappointment ang araw niya. After all, wala namang Dexter sa plano nang inisip niya ang bakasyong ito.

Hindi niya namalayang nakatulog siya sa duyan, yakap ang binabasanag libro. Nagising lamang siya sa tunog ng motorsiklo.

Mali Man Ang Ibigin Ka - Carla Giopaolo

Tila tumigil sa pagtibok ang kanyang puso nang matanaw sa di-kalayuan na nagtatanggal ng helmet si Dexter. Naramdaman siguro nito na may nagmamasid dito kaya lumingon ito. Nang makita siya, kumaway lang ito sa kanya bago dumerecho sa direksyon ng bar.

Now, she was disappointed.

Hello?

Presumida ba siya para isiping gugugulin ang lahat ng panahon nito kasama siya?

Iniwang niya ang libro at naglakad palapit sa dagat.

“Hey! Missed me?”

Narinig niya ang tinig ng binata at nilingon ito. May ngiting namuno sa kanyang mga labi nang makalapit ito. “Hindi naman.”

“What have you been doing all morning?” usisa nito.

“Wala masyado. Nagbasa lang ako ng libro. Ikaw?”

“Nag-ikot-ikot lang. Aalis nga ako ulit mamaya. By the way, would you like to join me for lunch?”

Lumawak ang ngiti niya. “What are you having?”

“Chili crab, shrimp a la pobre, fresh fruits...”

“Call,” tanggap niya sa imbitasyon nito.

“Hipon lang pala ang katapat mo?”

“Actually, you had me at chili crab.”

Para silang nagpi-picnic sa tabi ng dagat. Napalagay roon ang binata ng mahabang lamesa at nagpalatag ng mauupuan para hindi sila sa buhangin nakaupo.

“Ilan ang resorts n’yo?” pagbubukas niya ng usapan.

“Five. Actually, six kung isasama iyong nasa *Puerto Galera* pero private resort lang iyon,” tugon nito.

“Wow! Ang sipag naman magbakod ng ninuno mo,” nakangiting komento ni Selena.

“What?” nakatawang tanong nito.

“Hindi ba sabi nila dati raw, iyong malagyan mo ng bakod, sa iyo na,” paliwanag niya.

“Gan’un ba? Siguro nga kasi tatlo doon ang

pinamana na lang sa parents ko. Iyong tatlo, binili na namin at pina-develop for business talaga.”

“Alin ang paborito mo sa mga resorts n’yo?”

Hindi na nag-isip si Dexter. Tila siguradung-sigurado ito sa gusto. “Siyempre, dito sa Camiguin.”

“Bakit?”

“Oh, well, kasi this is the least commercialized of all so tahimik and unspoiled. Siyempre, kung business side ang iisipin ko, hindi ito ang pinaka-lucrative pero kung pipili lang ako ng isa at sasabihin sa akin na doon na ako titira, ito ang pipiliin ko. Second ‘yung resort sa Palawan. Magugustuhan mo rin iyon.”

“If it’s anything like this, malamang.”

“Ipapasyal din kita r’un balang araw,” anito pero parang naisip ang kahulugan ng di-sinadyang sabihin, tumungin ito sa relo. “It’s almost two thirty na pala. I’m sorry pero dapat na akong umalis dahil may lalakaran pa ako. Feel free to stay here. May magliligpit nito pag umalis ka na.”

“Okay. Thanks for lunch,” nakangiting sabi ng dalaga.

“You’re welcome. I’ll see you later,” paalam nito.

Malapit na ang sunset, ang pinakapaboritong oras ni Selena sa buong maghapon. Tumakbo siya pabalik sa cottage para kunin ang camera niya. Pagbalik sa iniwang puwesto, umupo siya sa buhangin at nagsimulang kumuha ng larawan.

Pinapanood niya sa viewer ng digital camera ang mga pictures nang tumabi sa kanya sa buhangin si Dexter. Nakipanood ito roon.

“That’s nice,” puri nito sa isang magandang kuha niya. “You’re right, you should take photos of what you see.”

Tinitingnan niya ito, masaya na naalala nito ang usapan nila nang nagdaang araw.

“Pero alam mo kung gusto mo pang kumuha ng mas maraming pictures ng Camiguin, sasamahan kita bukas sa *White Island*. It’s a photographer’s paradise,” dagdag nito.

Na-excite siya sa alok nito pero hindi siya nagpahalata.

Keep it cool, Selena, sabi niya sa sarili.

“I’ve heard about *White Island*. D’un iyong may sandbar na nagdi-disappear kapag high tide na, di

ba?”

Tumango ito. “Right. Saka puti ‘yung sand doon unlike the rest of the island kaya tinawag na *White Island*. Not as fine as in Boracay pero maganda rin. What do you say, I’ll pick you up tomorrow afternoon, say three o’clock? May mga kailangan lang akong gawin sa umaga.”

“Sure,” sagot niya, yakap ang camera habang nakatingala sa pagtingin dito.

“In the meantime, kailangan ko na namang umalis. Kung gusto mong bumili ng pasalubong, I suggest na pastel ang bilhin mo.” Binanggit nito ang pangalan ng isang bakery. “Their pastel are quite popular,” bilin nito.

“Okay. Thanks again, Tour Guide,” sabi niya, sabay kaway. Tumayo na ang binata at iniwan siya.

Late si Dexter sa usapan nila nang sumunod na araw.

Humahangos siya nang dumating dahil mahigit thirty minutes na siyang hinihintay ni Jenny. Nadatnan niya ito sa balkonahe ng inookupang cottage, nakaupo sa isang native chair paharap sa dagat.

“Sorry,” bungad niya. “Ang tagal kasi n’ung pari.”

Nagtaas ito ng kamay. “Pari?”

“Ah, d’un sa pinuntahan kong simbahan. I... I... Kailangan ko kasi siyang makausap ulit.” Hindi niya alam kung bakit hindi niya ipinaliwanag dito ang dahilan ng pakikipag-usap sa pari.

Na-distract kasi siya.

She looked so beautiful in an orange sheath dress na halatang ipinatong sa suot na swimsuit.

Sa totoo lang, hindi niya kaagad napansin na maganda si Jenny hanggang noong umagang natulog siya sa cottage nito. Bumangon ito sa higaan at inayos ang buhok revealing her lovely morning face. Natigilan pa nga siya sa realisasyon na ang kainuman niya nang nagdaang gabing iyon ay isang napakagandang babae.

May uri ito ng kagandahan na kailangang titigan para mapansin at kapag napansin na, hindi na makakalimutan.

Kung tutuusin ay bonus lang na maganda ito. Masaya pa ring maging kasama ang dalaga maski hindi ito naging maganda dahil smart at nakakatuwa ito.

“Anyway, sorry I’m late,” ulit niya.

Nginitian lamang siya nito. “It’s okay. I have plenty time to spare,” sabi nito bago umalis sa kinauupuan.

Sakay ng motorsiklo na nagtungo sila sa daungan ng mga bangka. Mula roon ay tanaw na ang *White Island* na pupuntahan nila. Doon matatagpuan ang magandang view ng dalawang bulkan na *Mt. Hibok-hibok* at *Mt. Vulcan*. Inihabilin ni Dexter ang kanyang motorsiklo sa kakilalang bangkero. Pagkatapos niyon ay tinulungan niya si Jenny na magsuot ng life vest at inilalayan sa pagsakay ng bangka.

Parang excited na bata ang kasama nang makarating sila sa munting isla. Nasiyahan na siyang panoorin lamang ito.

Kaya siguro na-e-enjoy niya ang company ng babae dahil madali itong matuwa sa maliliit na bagay. She seemed to see beauty in the tiniest details. Nakakahawa ang enthusiasm nito sa mga bagay-bagay.

Hindi niya mapigilan ang sariling ikumpara si Jessica rito.

Ang pakakasalan niyang babae ay practical, level-headed at—napangiti siya habang pinapanood si

Jenny with her hair flying in all directions—si Jessica kahit minsan ay hindi pa niya nakitang magulo ang buhok.

“Dexter!” tawag ni Jenny sa kanya. “C’mon, I’ll take your picture.”

Hindi nito hinintay na sumang-ayon siya. Sunud-sunod ang tunog ng shutter habang naka-focus ang lente ng camera sa kanya.

“Okay, that’s enough. Ikaw naman. Kunan din kita,” sabi niya.

Iniabot nito ang camera sa kanya at nagsimulang mag-pose. Kung anu-anong nakakatuwang poses ang ginawa nito sa harapan niya.

“Wait, isang serious shot lang. Diyan ka lang,” utos niya.

Tumigil ito sa ginagawang funny poses at tumingin nang derecho sa kanya habang iniikot niya ang lente para sa isang close-up shot, sa likuran nito ay sumasabog ang kulay ng paglubog ng araw.

Napangiti siya sa sarili. Jenny and her beloved sunset.

“Ganito ba ka-serious?” Marahan itong ngumiti, nakalabas ang dimples sa magkabilang pisngi.

Mali Man Ang Ibigin Ka - Carla Giopaolo

Hindi naintindihan ni Dexter ang naramdaman as he peered at her through the camera lens. May nakita siya sa mga mata nito na hindi dapat naroon. At may naramdaman siyang hindi niya dapat nararamdaman.

Kaagad niyang kinuhanan ng larawan ang tanawing nasa kanyang harapan at pagkatapos ay ibinalik sa dalaga ang camera. Hinayaan lang niya na kumuha pa ito ng ilang mga shots ng paligid.

“Time to go,” yaya niya.

Nagtatanong ang mga matang napatingin ito sa kanya waring nagtataka sa biglang pagbabago ng mood niya at biglaang pagyayang umuwi. Subalit, in fairness to her sensitivity, hindi ito nagpilit magtanong. Sinamahan siya nito sa katahimikan.

“May problema ba?” Saka lamang nagsalita si Selena nang makabalik na sila sa cottage nito. Nakatingin ito sa kanya, her lovely eyes partially shaded by her long lashes.

Hindi siya makapagsalita ngunit parang may sariling buhay ang kanyang mga kamay. She was looking a bit hurt and completely vulnerable kaya hinawakan niya ang mukha nito.

She responded by slowly turning her head so that her lips were touching his palm. It was such a sweet

innocent act, as if she acted on impulse rather than intentionally flirting with him.

Isang simpleng galaw iyon. But it broke his control. Hinalikan niya ito sa labi. And she willingly kissed him back; ipinulupot pa nito ang braso sa kanyang leeg at inilapat ang malambot na kabuuan sa matigas niyang katawan.

Alam ni Dexter, it would only be too easy to have her. Pero ang nasa katinuang bahagi pa ng utak niya ay nagdidikta sa kanya na mali ang nangyayari.

Someone as sweet and beautiful as Jenny didn't deserve this.

Nabuo ang isang desisyon sa isip niya. Marahan niyang hinaplos ang buhok nito makaraang maglayo ang kanilang mga labi. "I have to go know," bulong niya.

Kailangan na niyang umalis. Kailangan niyang dumistansya. She felt perfect in his arm. And he knew, the two of them would have been perfect together.

Except the possibilities beyond this were no longer possible. Dahil ikakasal na siya. At hinding-hindi niya iyon kayang ipaliwanag sa kaharap.

Not when he could still taste the sweetness of

her lips.

“Okay. I’ll see you,” anito, may kalituhan sa mga mata pero nanatiling nakangiti. For him, it was the most beautiful smile on this side of the planet.

Umiling siya. “No, Jenny. Kailangan ko nang bumalik bukas sa Maynila.”

Namula ang mukha nito, napawi ang magandang ngiti. Tila nagulat siya sa ideya na may tirahan siyang iba bukod sa isla.

“I see. This is goodbye then?”

Tumango siya kahit naghihirap ang kalooban. “Yes. Try to enjoy the rest of your vacation.”

Pinilit nitong muling ngumiti. “Sure. You take care.”

Nasa mga mata ng dalaga ang isang libong katanungan na alam niya somehow na hindi nito itatanong. At gustuhin man niya, hindi niya kayang sagutin ang mga iyon sa gitna ng sarili niyang kalituhan.